



# Kailangan mo ba ng tulong sa paggamit at pag-unawa sa NDIS?

Pakikipag-ugnay ng SSI sa Lokal na Lugar



**Need help accessing and understanding the NDIS?**

SSI Local Area Coordination

Delivering the NDIS in your community

Filipino

# Nandito kami para sa iyo

Ang Settlement Services International (SSI) ay kaagapay ng National Disability Insurance Agency - NDIA upang magbigay ng mga Serbisyo ng Pakikipag-ugnay sa mga Lokal na Lugar ng NSW.

Bilang isang Tagapag-ugnay sa mga Lokal na Lugar (LAC), ang SSI ay sumusuporta sa mga taong may edad na 7 hanggang 64 na taon upang magamit nila ang National Disability Insurance Scheme (NDIS), pati na rin ang iba pang mga serbisyo at suporta sa komunidad.

## Mga lugar na saklaw namin:

Ang SSI ay nagbibigay ng mga serbisyong Pakikipag-ugnay sa Lokal na Lugar sa mga residente sa Sydney at South West Sydney kabilang itong mga lugar ng Lokal na Pamahalaan:

### Sydney

- Ashfield
- Canada Bay
- Leichhardt
- Marrickville
- Strathfield
- Sydney

### South West Sydney

- Bankstown
- Camden
- Campbelltown
- Canterbury
- Fairfield
- Liverpool
- Wingecarribee
- Wollondilly

# Ang ginagawa namin



Upang malaman kung ikaw ay karapat-dapat para sa suporta ng NDIS, mangyaring bisitahin ang [www.ndis.gov.au/applying-access-ndis/am-i-eligible](http://www.ndis.gov.au/applying-access-ndis/am-i-eligible)

**Kung nararapat ka man o hindi para sa suporta ng NDIS, ang mga SSI LAC ay tutulong sa iyo na:**



Maunawaan, magamit at galugarin ang NDIS nang may pagtiwala



Kumonekta sa mga lokal na serbisyong pangsuporta sa iyong komunidad



Maunawaan kung paano gumagana ang NDIS kasama ang ibang mga serbisyo ng Pamahalaan kabilang ang edukasyon, kalusugan at transportasyon



Hanapin ang suportang kailangan mo mula sa iyong lokal na komunidad

# Makipag-ugnay sa amin

Mayroon ka bang isang katanungan o nais na magbigay sa amin ng puna? Ang aming koponan ng tagatanggap (intake team) ay narito upang tumulong

Ang SSI LAC Intake team ay ang unang punto ng pakikipag-ugnay para sa lahat ng bago at kasalukuyang mga kalahok. Ang aming mga marurunong na Kawani ng Tagatanggap ay malalapitan upang suportahan ang mga kalahok sa pamamagitan ng epektibo at mahusay na pagsagot sa lahat ng mga katanungan, pagbabahagi ng kanilang kaalaman sa NDIS at pagbibigay ng impormasyon at suporta sa mga tumatawag. Narito rin ang koponan upang tumulong sa anumang puna tungkol sa aming serbisyo.

## Maaari kang makipag-usap sa isa sa aming mga Intake Officer sa pamamagitan ng:



Pagtawag sa **1800 960 975**

sa pagitan ng 10 ng umaga – 4 ng hapon, Lunes – Biyernes

o



Mag-email sa **lac@ssi.org.au**

para sa pangkalahatang mga katanungan

Mag-email sa **lacfeedback@ssi.org.au**

upang magsumite ng puna tungkol sa aming serbisyo

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng Pakikipag-ugnay sa Lokal na Lugar ng SSI, mangyaring bisitahin ang **[www.ssi.org.au/services/local-area-coordination](http://www.ssi.org.au/services/local-area-coordination)**

# Tungkol sa SSI

Ang SSI ay isang samahan ng komunidad at negosyong panlipunan na sumusuporta sa mga bagong dating at iba pang mga Australyano upang makamit ang kanilang buong potensyal. Nakikipagtulungan kami sa lahat ng tao na nakaranas ng kahinaan, kabilang ang mga refugee, mga taong naghahanap ng asylum at mga komunidad ng CALD (culturally and linguistically diverse), upang makabuo ng kakayahan at nagbibigay kakayahan sa kanila na madaig ang katayuang hindi pagkakapantay-pantay.

Mula noong 2014, ang SSI ay sumusuporta sa mga taong may kapansanan, ang kanilang mga pamilya at tagapag-alaga sa pamamagitan ng ilang mga inisyatibang nakabatay sa komunidad na kagaya ng Ability Links at IgniteAbility® Small Business Start-ups (Pagsisimula ng Maliit na Negosyo). Nagdadala kami ng malawak na kaalaman sa pagbibigay ng mga serbisyo sa may kapansanan sa buong NSW sa pamamagitan ng kahusayan ng aming mga kawani at ng mga kalahok at ang kanilang mga kaugnayan sa lokal na komunidad.

Kasama ang nakararaming mga tauhan nakapagsasalita ng dalawang-wika at magkakaibang lahi, na nagsasalita ng higit sa 90 iba't-ibang mga wika, ang aming mga serbisyo ay pinasadya para sa mga indibidwal at mga pamilya upang samantalahin ang kanilang mga lakas, kilalanin ang kanilang mga prayoridad at matugunan ang kanilang kasalukuyan at hinaharap na mga pangangailangan.

Nagtatrabaho kaming kaagapay ang lahat ng mga magkakaibang komunidad kabilang ang mga tao na Aboriginal at Torres Strait Islander, magkakaibang mga kultura at wika at LGBTQIA+ na mga pinagmulan.

**[ssi.org.au](http://ssi.org.au)**